

Mga tips para sa mga magulang at iba pang tagapag-alaga

Pag-usapan ito!

Ang pakikipag-usap sa iyong anak tungkol sa online safety ay mahalaga, tulad ng pakikipag-usap tungkol sa kanilang kaligtasan sa mga offline na espasyo. Tinuturuan natin ang ating mga anak na tumawid ng kalye nang ligtas o huwag sumama sa mga taong hindi nila kilala, ngunit kailangan ding isama sa mga turong ito ang pag-uusap tungkol sa online na mundo at kung paano ito gamitin.

Mga tips sa pakikipag-usap sa mga bata

- Gumamit ng isang balita, isang paksa sa TV o isa pang halimbawa upang talakayin ang kanilang karanasan online. Halimbawa, itanong: Naranasan o nakita mo na ba ito sa isa sa iyong mga kaibigan sa paaralan?
- Turuan ang iyong anak tungkol sa pagtatakda at paggalang ng kanilang sariling boundaries at ipaliwanag din na ang mga boundaries na ito ay maaaring magkaiba para sa lahat. Magbigay ng mga konkretong halimbawa ng kung ano ang maaaring ituring na paglabag at kung paano nila maaaring ipahiwatig na ang kanilang boundary ay (halos) nilalabag na.
- Ilabas ang topic kapag ikaw ay nakikibahagi sa pang araw-araw na gawain kasama ang iyong anak, tulad ng pagmamaneho papunta sa paaralan o pag-upo sa hapag-kainan. Minsan, mas komportable iyon.
- Ipaliwanag na kung minsan ang isang larawan ay maaaring maipasa sa iba nang walang pahintulot. Maaari itong makasakit sa taong nasa larawan. Ipaliwanag sa iyong anak na maging maingat sa pagbabahagi ng kaniyang mga personal na larawan o larawan ng iba.

Kailangan mo ba ng higit pang tulong sa pakikipag-usap sa iyong anak tungkol sa kanilang mga online na aktibidad? Bisitahin ang aming webpage <https://int.terredeshommes.nl/also-online> upang mas higit na matuto

